IJAMS INTERNATIONAL JOURNAL OF ADVANCED MULTIDISCIPLINARY STUDIES
Volume IV, Issue 6 June 2024, eISSN: 2799-0664

# Papel ng Youtube sa Edukasyon: Epektibong Gamit ng Youtube sa Pagkatuto ng mga Mag-Aaral ng Surigao Del Norte State University

**GRACEL-AN A. DOGMO**
**DENZEL MARK A. CIRUELA**
**CYRAH JEAN C. COL3, JOEVAN C. ESPIN**
**MARIANNE GRACE M. PASO**
Surigao del Norte State Universiy, Main Campus

*Abstrak* — Ang papel na ginagampanan ng YouTube sa pagkatuto ay mahalaga dahil nakasalalay dito ang paglinang sa kaalaman, kasanayan at pag-unawa ng isang mag-aaral batay sa paksang kaniyang pinag-aaralan. Nilalayon ng pag-aaral na ito na alamin ang epektibong gamit ng YouTube sa pagkatuto ng mga mag-aaral batay sa gramatika, bokabularyo, panitikan, wika at komunikasyon at komprehensyon sa pakikinig sa Surigao del Norte State University na may 100 na mga respondente na mula sa unang taon hanggang sa ikaapat na taon na mga mag-aaral ng BSED-Filipino na may kaukulang bilang na mga respondente gamit ang simple random sampling. Descriptive analysis ang ginamit ng mga mananaliksik upang makuha ang datos at resulta ng pananaliksik.

Batay sa natuklasan at resulta ng pananaliksik na ito ay masasabing lubos na sumasang-ayon ang mga respondente na epektibo talagang gamitin ang YouTube sa pagkatuto nila ng gramatika gamit ang mga edukasyunal na bidyo na nakapaloob dito. Ganoon din sa bokabularyo, panitikan, wika at komunikasyon at komprehensyon sa pakikinig Batay naman sa 0.05 level of significance, mataas ang p-value na resulta sa propayl ng mga respondente. Ito ay nagpapahayag na walang makabuluhang ugnayan ang epektibong gamit ng YouTube sa pagkatuto batay sa gramatika, panitikan, bokabularyo, wika at komunikasyon at komprehensyon sa pakikinig ng mga mag-aaral ng Surigao del Norte State University sa kanilang propayl baryabol. Ang mga natuklasang ito ay nagpapakita na ang paggamit ng YouTube ay epektibo bilang dagdag na tulong sa mga mag-aaral upang matuto. Ang paggamit ng website na ito bilang dagdag na kagamitan sa pagkatuto ay nagbibigay tulong sa mga mag-aaral sa asignaturang Filipino batay sa gramatika, bokabularyo, panitikan, wika at komunikasyon, at komprehensiyon sa pakikinig.

Inirerekomenda ng mga mananaliksik sa mga guro ang integrasyon ng YouTube sa pagkatuto ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng paggamit ng mga edukasyonal na bidyo mula sa mapagkakatiwalaang mga channel bilang bahagi ng kurikulum at bilang dagdag sa kagamitan ng pagpaplano sa pangaraw-araw na pagtuturo. Para sa mga mag-aaral naman, ang pagiging aktibo nito sa paggamit ng YouTube sa pag-aaral upang mapabuti ang kanilang kasanayan batay sa limang pokus.

***Keywords — YouTube, Paggamit, Pagkatuto, Epektibo, Edukasyon, Gramatika, Bokabularyo, Wika, Panitikan, at Komprehensyon***

Copyright © 2024 IJAMS, All right reserved

## I. Panimula

Sa paglipas ng panahon, isa sa mga naghatid ng malaking pagbabago sa ating buhay ay ang teknolohiya lalong-lalo na sa larangan ng edukasyon. Kung dati, tradisyunal lamang na mga kagamitan ang ginagamit ng mga guro upang matugunan ang pagkatuto ng mga mag-aaral subalit ngayon, nariyan na ang mga iba't ibang teknolohiya upang mas gawing epektibo ang pagkatuto ng mga mag-aaral sa loob ng silid-aralan.

Ayon kay Yumul (2021), binigyang diin ng kagawaran ng edukasyon ang papel na ginagampanan ng teknolohiya at ito ay ang gawing kaaya-aya ang edukasyon lalo na sa gitna ng mga pagbabago na dala ng pandemya. Isa sa naging bunga ng teknolohiya ay tinatawag natin na YouTube. Ito ay isa mga umiiral na website sa Pilipinas dahil batay sa isinagawang sarbey tungkol sa "Most visited websites in the Philippines" ng Statista.com (2023), ang YouTube ay isa sa mga websites na madalas bisitahin ng mga tao sa Pilipinas noong taong 2022. Ayon din sa sarbey na isinagawa ni Simon Kemp (2023) na nakalathala sa website na DataReportal.com, mayroong 57.70 milyon na tao ang gumagamit ng YouTube sa Pilipinas noong mga unang buwan ng taong 2023. Pinatutunayan nito na napakalawak ng impluwensiya ng YouTube sa Pilipinas. Sa website na ito, ang mga taong gumagamit nito ay maaaring makapagbahagi ng mga bidyo sa buong mundo upang maipalaganap ang impormasyon tungkol sa isang bagay. Sa konteksto ng edukasyon, ayon kay Woodard (Ebied, et al. 2016), ang paggamit ng YouTube sa sitwasyong pang-edukasyon ay nagpapayaman sa mga bagong ideya at pagpapalitan ng mga kapaki-pakinabang na ideya sa pagitan ng mga mag-aaral at kanilang mga guro. Bilang karagdagan, ginagawang mas masaya nito ang pag-aaral na humantong sa kagalingan at kasiyahan ng mga mag-aaral sa mga pang-edukasyunal na aktibidad. Ngunit gaano ba kaepektibo ang paggamit nito sa pagkatuto ng mga mag-aaral? Mas mapapadali ba ang pagkatuto at paglinang ng kanilang kakayahan at kasanayang pang-edukasyon kung ito ay kanilang gagamitin?

Batay sa pag-aaral na ginawa nina Rahmatika et al. (2021), ang YouTube ay epektibo sa proseso ng pagkatuto onlayn. Ito ay maaaring gamitin ng mga guro bilang midyum sa pagkatuto na makakatulong sa pagkatuto ng mga mag-aaral. Ayon naman sa pag-aaral ni Albahlal (2019), inirekomenda niya na ang mga guro sa English as Foreign Language (EFL) ay maaaring gumamit ng YouTube habang nagtuturo gamit ang mga kagamitan sa pagsasalita dahil batay sa pagsusuri niya sa kaniyang pag-aaral, ang mga guro sa Ingles ay mayroong positibong persepsyon sa paggamit ng YouTube sa pagpapaunlad ng kasanayan sa pagsasalita. Sinang-ayunan naman sa pag-aaral nina Kabooha at Elyas (2018), na kung saan iminumungkahi na ang mga guro sa English as Foreign Language (EFL) ay nararapat na hikayatin na gumamit ng YouTube sa kanilang silid-aralan. Batay din sa natuklasan ng pag-aaral niyang ito, ang integrasyon ng YouTube ay mayroong kapangyarihang epekto sa pagkilala, pag-unawa at pagpapanatili ng target na bokabularyo.

Samakatuwid, ang YouTube ay itinuturing na pinakamalawak na view hosting website na ginagamit at nakikita bilang isang kilalang kontemporaryong eresources na may maraming

Copyright © 2024 IJAMS, All right reserved

benepisyo sa silid-aralan ng unibersidad (Jackman, 2019). Sa likod ng benepisyo na ibinibigay ng YouTube sa pagkatuto, may ilang salik na hindi kanais-nais na maaaring makaimpluwensiya dito.

Sa kabila ng mga internasyunal na pag-aaral at rekomendasyon na nabanggit, mayroong pa ring kakulangan sa mga lokal na pag-aaral na nagsasabi at inirerekomenda na ang paggamit ng YouTube ay epektibo sa pagkatuto. Bukod dito, ang mga nagdaang pag-aaral tungkol sa epektibong gamit ng YouTube ay iisa lamang ang mga pokus. Samantalang sa pag-aaral na ito, ito ay mayroong limang pokus. Ito ay ang bokabularyo, panitikan, gramatika, wika at komunikasyon at komprehensyon sa pakikinig. Kaya sa pamamagitan ng pag-aaral na ito, mas mapapalawak pa ang kaalaman hinggil sa epektibong gamit ng YouTube sa pagkatuto.

Samakatuwid, ang mga mananaliksik ay naglalayong matukoy kung ano ang papel ng YouTube sa edukasyon at kung gaano ba kaepektibo ang paggamit ng YouTube ng mga mag-aaral na may asignaturang Filipino sa kanilang pagkatuto.

**Kaugnay na Literatura**

Ayon kay Badayos (na binanggit sa pag-aaral ni Balunsay, 2022), malaki ang pananagutan ng guro sa matagumpay na pagtuturo at pagkatuto. Maaaring maging sanhi ng pagkakaroon o pagkawala ng interes o kawilihan ng mga bata sa kanilang pag-aaral ang buong katauhan, saloobin, panlahat na kaalaman, at estilo sa pagtuturo ng isang guro. Kasama sa mga binanggit niyang tungkulin ng guro ay ang pagbibigay ng impormasyon, paglalahad ng kaalaman, paglalaan ng patnubay at tulong sa mag-aaral upang pagsanayan ang natamong kaalaman, pagbibigay ng angkop na pagganyak sa pamamagitan ng paglalaan ng iba't iba at nakawiwiling gawain na magbibigay ng pagkakataon upang magamit ang natutuhan, pagbubuo ng mga makabuluhang gawain at pagtitiyak na magagawa ng mga mag-aaral ang gawain sa isang kaligirang walang pangamba o pagkabahala, binibigyang sigla ang mga mag-aaral sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga papuri, palaging may ginagawang pagtataya at ebalwasyon sa pagkatuto ng mga mag-aaral.

Tinalakay naman ni Snelson (2021) ang YouTube bilang pinakamalaki at pinakamadalas bisitahing video sharing service sapagkat ang gamit nito sa larangan ng edukasyon ay napakahalaga at malaganap sa iba't ibang bansa. Pinatutunayan nito na ang ang YouTube ay may katangiang iskolarsyip na ayon na rin sa natuklasan ng kaniyang pag-aaral hinggil sa 188 peer-reviewed na dyornal na nailimbag mula 2006 hanggang 2009. Ayon sa mga literaturang nakalap, tatlumpu't siyam (39) na artikulo ang naglalarawan at nagpapatunay sa mabisang mga estratehiya sa pagtuturo gamit ang YouTube. Ipinakita sa natuklasan ng pag-aaral ang trend sa gamit ng YouTube sa larangan ng edukasyon.

Binanggit sa pag-aaral nina Bernales, et al. (2018), bagamat hindi isang espisipikong maituturing na mga senyas o simbolo ang YouTube, maituturing din itong isang landscape na gumagamit ng wika sa paghahatid ng mensahe kagaya ng mga leksiyong pampaaralan. Inihambing nila ito sa telebisyon na napatunayang mabisang kasangkapan sa teknolohikal na pagtuturo.

Copyright © 2024 IJAMS, All right reserved

Sa pag-aaral nina Lister, et al. (sa Tolton 2010; na binanggit nina Mooney at Evans, 2015 sa aklat pa rin nina Badayos, 2018 sa pag-aaral ni Badayos, 2022), naniniwala ang mga mananaliksik pangmidya na magkaiba ang layunin ng paggamit ng telebisyon at YouTube. Sentralisado ang saysay ng telebisyon sapagkat ang kadalasang nakapaloob dito ay mga pre-rekorded na mga panoorin gamit ang mas matataas na antas ng elektronikong kagamitan na kinukunan pa sa mga lokasyon kagaya ng pormal na istudyo at/o piling magarbong lokasyon. Subalit bagaman pre-rekorded din ang mga panoorin sa YouTube, ang mga ito ay maaaring kunan lamang sa pamamagitan ng mga payak na kagamitan ng content creator sa alinmang lugar kagaya ng bahay at paaralan. Bagay na kaya at alam gawin at gamitin ng kapuwa guro at magaaral ng mga HEIs (Higher Education Institutions).

Pinatunayan nina Jones & Cuthrell (2021) ang saysay ng teknolohiya sa pagtuturo. Natuklasan sa kanilang pag-aaral na mas mataas ang antas ng pagkatuto ng mga mag-aaral kapag may integrasyon ng bidyo at teknolohiya sa proseso ng pagtuturo. Tinalakay din nila ang mga potensiyal na gamit ng YouTube bilang kagamitang instruksiyonal. Ginamit nila ang nasabing aplikasyon sa pagtuturo ng Araling Panlipunan sa antas elementarya. Isinagawa rin nila ang ebalwasyon sa mga naipaskil na panoorin sa YouTube. Kaugnay nito, sa kasalukuyang pananaliksik ay ginamit ang YouTube bilang kagamitang panturo sa mga piling kurso sa antas tersarya partikular ang Buhay at mga Likha ni Rizal, Pamamahayag, Pananaliksik, at ang mga asignaturang GEC sa Filipino. Naniniwala ang mananaliksik na mabisang kasangkapan sa pagtuturo ng wika at panitikan ang mga akademikong bidyo na binuo at ipinaskil sa YouTube.

## II. Metodolohiya

Ang isinagawang pag-aaral ay gumamit ng deskriptibong metodolohiya ng pananaliksik na kuwantitatibo. Naniniwala ang mga mananaliksik na angkop ang disenyong ito para sa paksang nais pag-aralan sapagkat mas mapapadali ang pangangalap ng datos mula sa maraming respondente. Nagbigay ng talatanungan ang mga mananaliksik sa mga mag-aaral ng BSED-Filipino sa Surigao Del Norte State University (Main Campus) sa iba't ibang antas ng taon.

Ang mga napiling tumugon sa pag-aaral na ito ay ang mga mag-aaral mula sa kursong BSED-Filipino sa Surigao del Norte State University. Gagamit ang mga mananaliksik ng simple random sampling na pamamaraan na kukuha lamang ng kaukulang bilang ng mga respondenteng mag-aaral sa bawat antas ng taon sa BSED-Filipino upang makabuo ng isang daan (100) na respondente na mag-aaral bilang kabuuan sa paaralang nasambit.

Ang ginamit na instrumento ng mga mananaliksik ay isang sarbey- kwestyoneyr o talatanungan. Ang mga katanungan ay sariling gawa ng mga mananaliksik bilang instrumento sa pangangalap ng datos (Apendiks A). Ang anyo nito ay isang katanungang *close-ended questionnaire* na binubuo ng dalawampu't limang mga tanong na sasagutan ng mga respondente sa pamamagitan ng *face to face* na pagbibigay ng mga talatanungan. Sa talatanungan para sa mga

Copyright © 2024 IJAMS, All right reserved

mag-aaral ay binubuo ito ng limang bahagi kung saan mayroong limang (5) tanong kada bahagi. Sa pinakaunang parte ng talanungan ay ang propayl ng mga respondenteng mag-aaral katulad ng pangalan (opsyonal), edad, kasarian, taon at ang departamentong kanyang kinabibilangan. Kasunod naman nito ay ang mga katanungan na may limang bahagi; gramatika, panitikan, bokabularyo, wika at komunikasyon at komprehensiyon sa pakikinig.

## III. Results and Discussion

Ang bahaging ito ay naglalaman ng mga resulta at pag-analisa base sa mga datos na nakalap. Ang mga resulta at mga pagtatalakay ay iniuugnay sa iprenesentang mga suliranin.

**Talahanayan 1.**
**Proporsyon ng "Dalas Ng Paggamit Ng Youtube Sa Pagkatuto" sa bawat Edad**

| **Dalas ng Gamit ng *YouTube* sa Pagkatuto** | | **Palagi** | **Madalas** | **Paminsan-minsan** | **Hindi masyado** | **Kabuuan** |
|---|---|---|---|---|---|---|
| **Edad** | 18 | 2 | 2 | 2 | 0 | 6 |
| | 19 | 15 | 9 | 6 | 3 | 33 |
| | 20 | 4 | 9 | 5 | 0 | 18 |
| | 21 | 4 | 10 | 8 | 1 | 23 |
| | 22 | 3 | 7 | 3 | 0 | 13 |
| | 23 | 0 | 1 | 0 | 1 | 2 |
| | 27 | 1 | 0 | 0 | 1 | 2 |
| | 30 | 0 | 2 | 0 | 0 | 2 |
| | 39 | 1 | 0 | 0 | 0 | 1 |
| **KABUUAN** | | **30** | **40** | **24** | **6** | **100** |

Batay sa resulta na makikita sa Talahanayan 1, karamihan sa mga tumugon sa "Dalas Ng Paggamit Ng *YouTube* Sa Pagkatuto" ng "Palagi" ay nasa edad na 19 na may kaukulang bilang na 15 na respondente habang sa pinakamababa naman ay nasa edad na 27 at 39 na may kaukulang bilang na 1. Sa tugon na "Madalas", karamihan sa tumugon dito ay nasa edad na 21 na may bilang na 10 respondente, habang sa pinakamababa naman ay nasa edad na 23 na may kaukulang bilang na 1. Sa tugon na "Paminsan-minsan", karamihan sa tumugon dito ay nasa edad na 19 na may kaukulang bilang na 6, habang sa pinakamababa naman ay nasa edad 18 na may kaukulang bilang 2 at sa tugon na "Hindi masyado", karamihan sa tumugon dito ay nasa edad na 19 na may kaukulang bilang na 3, habang ang pinamababa naman ay nasa edad 21, 23, at 27 na may kaukulang bilang 1.

Ipinapakita sa talahanayan na ang mga karaniwang gumagamit ng *YouTube* bilang pantulong sa kanilang pagkatuto ay may edad na 19, at sila ay palaging gumagamit ng *YouTube* para sa pagkatuto. Samantala, ang pinakamababang bilang naman ng gumagamit ng *YouTube* para sa pagkatuto ay may edad na 39, ngunit sila rin ay gumagamit ng *YouTube* para sa pagkatuto. Isa itong implikasyon na kadalasan sa mga kabataan nasa edad na 19 ang gumagamit ng *YouTube* bilang kasangkapan sa pagkatuto. Pinatunayan ito ng kasalukuyang pag-aaral ng tagapaglathala ng

Copyright © 2024 IJAMS, All right reserved

mga edukasyunal na nilalaman, Pearson na mahigit sa 60 porsyento ng mga taong may edad na 14 hanggag 23 ay nais gamitin Ang *YouTube* bilang kasangkasapan sa pagkatuto (na binanggit sa artikulo ni Genota, L. (2018) na may Pamagat na *Generation Z Prefers Learning from YouTube Not Books*).

Sa kabuuan, ipanapakita sa resulta ng datos na karamihan sa tumugon ng "Palagi" ay nasa edad na 19 at sila ay palaging gumagamit ng *YouTube* bilang pantulong sa kanilang pagkatuto.

**Talahanayan 2.**
**Proporsyon ng "Dalas Ng Paggamit Ng Youtube Sa Pagkatuto" sa bawat Kasarian**

| Dalas ng Gamit ng Youtube sa Pagkatuto | Babae | Lalaki | Total |
|---|---|---|---|
| Hindi masyado | 6 | 0 | 6 |
| Madalas | 30 | 10 | 40 |
| Palagi | 25 | 5 | 30 |
| Paminsan-minsan | 18 | 6 | 24 |
| KABUUAN | 79 | 21 | 100 |

Batay naman sa resulta sa Talahanayan 2, ang mga babae ay madalas na gumagamit ng *YouTube* kaysa sa mga lalake bilang dagdag na kasangkapan sa pagkatuto dahil ayon sa pag-aaral nina Garcia et al., (2010), mas karaniwan na ginagamit ng mga kababaihan ang mga *online platforms* para sa mga layuning pang-edukasyon kumpara sa mga kalalakihan. Partikular na nagpapakita ang pananaliksik na mas aktibo ang mga kababaihan sa paggamit ng *email*, pakikisangkot sa *online* na nilalaman para sa edukasyon, at pakikilahok sa mga *text-based* na interaksyon. Ang mga natuklasang ito ay nagpapahiwatig na mas ginagamit ng mga kababaihan ang *website* bilang isang kasangkapan para sa edukasyon kaysa sa mga kalalakihan, na nagpapakita ng malaking pagkakaiba sa pagitan ng mga kasarian sa mga online na aktibidad para sa edukasyon.

Sa pangkalahatan, makikita rito na ang YouTube ay madalas na ginagamit ng mga babae bilang dagdag na kasangkapan sa pagkatuto.

**Talahanayan 3.**
**Epektibong Paggamit ng *YouTube* sa Pagkatuto hinggil sa Gramatika**

| Mga Pahayag | Mean | SD | QD |
|---|---|---|---|
| Ang mga tutorial sa *YouTube* tungkol sa gramatika ay nakatutulong sa aking pag-unawa sa istruktura ng mga pangungusap at pagpapakahulugan ng isang salita. | 3.58 | 0.516 | Lubos na sumasang-ayon |
| Ang pag-aaral ko ng gramatika sa pamamagitan ng *YouTube* ay mas pinadali kaysa sa tradisyunal na mga aklat at aralin. | 3.32 | 0.601 | Lubos na sumasang-ayon |
| Ang pagsusuri ng mga bidyo sa *YouTube* ay nagbibigay sa akin ng mga halimbawa na makakatulong sa pag-unawa ko sa kahulugan ng mga salita at tamang pagbuo ng mga pangungusap. | 3.6 | 0.512 | Lubos na sumasang-ayon |
| Ang panunuod ng mga bidyu sa *YouTube* ay nagbibigay sa akin ng linaw sa tamang paggamit ng denotasyon at konotasyon. | 3.53 | 0.516 | Lubos na sumasang-ayon |
| Ang mga video sa *YouTube* ay makatutulong sa pag-unawa ko sa iba't ibang bahagi ng pananalita tulad ng pangngalan, panghalip, pandiwa, atbp. | 3.6 | 0.512 | Lubos na sumasang-ayon |
| KABUUAN | 3.53 | 0.414 | Lubos na sumasang-ayon |

Copyright © 2024 IJAMS, All right reserved

*3.26-4 Lubos na sumasang-ayon; 2.51-3.25; Sumasang-ayon; 1.76-2.5 Hindi sumasang-ayon; 1-1.75 Lubos na hindi sumasang-ayon*

Batay sa resulta sa Talahanayan 3, ang mga respondente ay lubos na sumasang-ayon **(M=3.58; SD=0.516)** sa pahayag na ang mga *tutorial* sa *YouTube* tungkol sa gramatika ay nakatutulong sa kanilang pag-unawa sa istruktura ng mga pangungusap, pagpapakahulugan ng isang salita at sa paggamit din nila nito sa pag-aaral ay mas pinadali kaysa sa tradisyunal na mga aklat at aralin **(M= 3.32; SD= 0.601)**. Ang pagsusuri rin nila ng mga bidyo sa *YouTube* ay nagbibigay rin ng mga halimbawa sa kanila upang makakatulong sa pag-unawa nila sa kahulugan ng mga salita at tamang pagbuo ng mga pangungusap **(M= 3.6; SD= 0.512**). Ang panonood din nila ng mga bidyo sa *YouTube* ay nagbibigay sa kanila ng labis na kalinawan sa tamang paggamit ng denotasyon at konotasyon **(M=3.53; SD= 0.516)** at nakakatulong din sa pag-unawa sa iba't ibang bahagi ng pananalita tulad ng pangngalan, panghalip, pandiwa, atbp **(M=3.6; SD= 0.512)**.

Makikita sa talahanayang ito na ang pinakamalaking *mean* ng pahayag hinggil sa gramatika ay pumapatungkol sa pagsusuri ng mga bidyo sa *YouTube* na siyang nagbibigay ng mga halimbawa na makakatulong sa pag-unawa sa kahulugan ng mga salita at tamang pagbuo ng mga pangungusap at ang pinakamababa naman ay pumapatungkol sa *YouTube* na siyang pinadadali ang pag-aaral ng gramatika kaysa sa tradisyunal na mga aklat at aralin. Ito ay pagpapakahulugan lamang na ang paggamit ng *YouTube* ay malaking tulong upang magbigay halimbawa na makakatulong sa pag-unawa sa kahulugan ng tamang salita at tamang pagbuo ng mga pangungusap mula sa pagsusuri sa edukasyunal na bidyong napanood sa *YouTube*. Pinatunayan ito nina Delyuzar, et al. (2024) sa kanilang pag-aaral na ang mga bidyo sa *YouTube* ay nakatutulong sa mga mag-aaral upang mapaunlad ang kanilang kakayahan sa gramatika at nagbibigay daan sa kanila upang makabuo ng kanilang sariling paraan sa pag-unawa ng gramatika. Hindi lamang pag-unawa ang maitutulong ng *YouTube* sa kanilang pagkatuto ng gramatika, pati na rin ang kanilang kakayahang makabuo ng sarili nilang pag-unawa tungkol dito.

Sa pangkalahatan, malaki ang tulong ng *YouTube* upang magbigay halimbawa na makakatulong sa pag-unawa sa kahulugan ng tamang salita at tamang pagbuo ng mga pangungusap mula sa pagsusuri sa edukasyunal na bidyong napanood sa *YouTube*.

**Talahanayan 4.**
**Epektibong Paggamit ng *YouTube* sa Pagkatuto hinggil sa Bokabularyo**

| Pahayag | Mean | SD | QD |
|---|---|---|---|
| Ang YouTube ay mahalagang kasangkapan sa pagpapalawak ng aking bokabularyo. | 3.46 | 0.576 | Lubos na sumasang-ayon |
| Ang YouTube ay may malaking ambag sa aking pagsasanay sa tamang gamit Ng salita sa pangungusap. | 3.44 | 0.556 | Lubos na sumasang-ayon |
| Natutulungan Ng YouTube ang aking pag unawa sa mga malalalim at mga hindi pamilyar na salita. | 3.43 | 0.59 | Lubos na sumasang-ayon |
| Nagkakaroon Ako ng kumpiyansa sa aking sarili sa paggamit ng mga bagong natutunan kong salita pagkatapos manood ng mga bidyo sa YouTube. | 3.4 | 0.586 | Lubos na sumasang-ayon |

Copyright © 2024 IJAMS, All right reserved

| | | | |
|---|---|---|---|
| Natutunan ko ang tamang pagbaybay ng mga matatalinghagang salita sa pamamagitan Ng panunuod sa YouTube. | 3.37 | 0.614 | Lubos na sumasang-ayon |
| KABUUAN | 3.42 | 0.451 | Lubos na sumasang-ayon |

*3.26-4 Lubos na sumasang-ayon; 2.51-3.25; Sumasang-ayon; 1.76-2.5 Hindi sumasang-ayon; 1-1.75 Lubos na hindi sumasang-ayon*

Batay sa resulta sa Talahanayan 4, ang mga respondente ay nagsasabing lubos silang sumasang-ayon **(M=3.46; SD=0.576)** sa pahayag na ang *YouTube* ay mahalagang kasangkapan sa pagpapalawak ng bokabularyo at ito rin ay may malaking ambag sa kanilang pagsasanay sa tamang gamit ng salita sa isang pangungusap **(M=3.44; SD; 0.556).** Natutulungan din ng lubos ng *YouTube* ang mga respondente sa kanilang pag unawa sa mga malalalim at mga hindi pamilyar na salita **(M= 3.43; SD= 0.59)** at nagkakaroon ng kumpiyansa sa kanilang sarili ang mga ilan sa mga respondente sa paggamit ng mga bagong natutunan nilang salita pagkatapos manood ng mga edukasyunal na bidyo sa *YouTube* **(M=3.4; SD= 0.586)**. Natutunan din nila ang tamang pagbaybay ng mga matatalinghagang salita sa pamamagitan ng panonood ng bidyo sa *YouTube* **(M= 3.37; SD= 0.614).**

Makikita sa talahanayang ito na ang pinakamalaking mean ng pahayag hinggil sa bokabularyo ay pumapatungkol sa *YouTube* bilang isang mahalagang kasangkapan sa pagpapalawak ng bokabularyo at ang pinakamababa naman ay tungkol sa pagkatuto ng tamang pagbaybay ng mga matatalinghagang salita. Ito ay pagpapakahulugan lamang na ang paggamit ng *YouTube* ay malaking tulong upang mapalawak ang bokabularyo ng isang mag-aaral sa pamamagitan ng panonood ng edukasyunal na bidyo dito. Kaugnay ito sa pahayag ni Balcikanli (2010; na binanggit sa pag-aaral ni Heriyanto, 2015) na ang *YouTube* ay nagbibigay ng iba't ibang bidyo sa anumang paksa na siyang maaaring isaisip ang mga terminong natututunan ng mga bata roon nang hindi nababagot.

Sa pangkalahatan, malaki ang tulong ng *YouTube* upang mapalawak pa ang bokabularyo ng isang mag-aaral sa pamamagitan ng panonood ng mga edukasyunal na bidyo tungkol dito.

**Talahanayan 5.**
**Epektibong Paggamit ng *YouTube* sa Pagkatuto hinggil sa Panitikan**

| Pahayag | Mean | SD | QD |
|---|---|---|---|
| Ang paggamit ko ng *YouTube* ay nakakatulong upang mas maipamalas ko pa ang aking kagalingan sa pagsulat ng iba't ibang akdang pampanitikan. | 3.27 | 0.584 | Lubos na sumasang-ayon |
| Sa pamamagitan ng mga bidyo sa *YouTube*, ginagabayan ako nito sa aking pagsulat ng isang akdang pampanitikan na siyang kawili-wiling basahin | 3.4 | 0.603 | Lubos na sumasang-ayon |
| Ang panonood ko ng mga bidyo sa *YouTube* na konektado sa panitikan ay siyang nakakatulong sa pagpapalawak ng aking imahinasyon sa mga bagay-bagay dito sa mundo. | 3.37 | 0.562 | Lubos na sumasang-ayon |
| Sa pamamagitan ng *YouTube*, naipapalabas ko ang aking kasiningan pagdating sa pagsulat ng isang akda. | 3.14 | 0.586 | Sumasang-ayon |

Copyright © 2024 IJAMS, All right reserved

| | | | |
|---|---|---|---|
| Pinapaunlad ng *YouTube* ang aking estilo ng pagpapahayag ng mga senaryo sa akdang aking isinasagawa sa masining na pamamaraan. | 3.27 | 0.584 | Lubos na sumasang-ayon |
| KABUUAN | 3.29 | 0.47 | Lubos na sumasang-ayon |

*3.26-4 Lubos na sumasang-ayon; 2.51-3.25; Sumasang-ayon; 1.76-2.5 Hindi sumasang-ayon; 1-1.75 Lubos na hindi sumasang-ayon*

Batay sa resulta sa Talahanayan 5**,** ang mga respondente ay nagsasabing lubos silang sumasang-ayon sa pahayag na nakakatulong ang *YouTube* upang mas maipamalas pa ang kagalingan sa pagsulat ng iba't ibang akdang pampanitikan **(M=3.37; SD=0.562)** at ginagabayan din nito ang pagsulat ng isang akdang pampanitikan na siyang kawili-wiling basahin sa pamamagitan ng mga bidyo na nakapaloob dito **(M=3.4, SD=0.603).** Sa pamamagitan din ng mga bidyo sa *YouTube* na siyang konektado sa panitikan, nakakatulong din ito sa pagpapalawak ng imahinasyon ng mga respondente sa mga bagay-bagay dito sa mundo **(M=3.37; SD=0.562)** at pagpapalabas ng kasiningan sa pagsulat ng isang akda **(M=3.14; SD=0.586).** Pinapaunlad din ng *YouTube* ang estilo ng pagpapahayag ng mga senaryo ng mga respondente sa akdang kanilang isinasagawa sa masining na paraan **(M=3.27; SD= 0.584).**

Makikita sa talahanayang ito na ang pinakamalaking mean ng pahayag hinggil sa panitikan ay pumapatungkol sa pagpapalawak ng imahinasayon sa mga bagay-bagay dito sa mundo sa pamamagitan ng panonood ng mga bidyo na konektado sa panitikan at ang pinakamababa naman ay tungkol sa kasiningan pagdating sa pagsulat ng isang akda. Ito ay pagpapakahulugan lamang na ang paggamit ng *YouTube* ay malaking tulong upang mapalawak ang imahinasyon ng isang mag-aaral sa mga bagay-bagay dito sa mundo sa pamamagitan ng panonood ng edukasyunal na bidyo dito. Kaugnay ito sa pag-aaral nina Khalid at Muhammad (2012) na nagsasabing ang *YouTube* ay epektibo sa pagsulong ng mas mahusay na pag-aaral ng panitikan dahil ito ay nagpapakita ng malaking epekto sa pag-unawa at pag-alala sa mga pangyayari sa nobela.

Sa pangkalahatan, malaki ang tulong ng *YouTube* upang mapalawak ang imahinasyon ng isang mag-aaral sa pamamagitan ng panonood ng mga edukasyunal na bidyo na may kaugnayan sa panitikang babasahin.

**Talahanayan 6.**
**Epektibong Paggamit ng *YouTube* sa Pagkatuto hinggil sa Wika at Komunikasyon**

| Pahayag | Mean | SD | QD |
|---|---|---|---|
| Madalas kong gamitin ang *YouTube* upang mahasa ang aking pagsasalita sa pamamagitan Ng paggaya Ng mga dayalogo sa bidyo. | 3.28 | 0.683 | Lubos na sumasang-ayon |
| Sa pamamagitan ng panunuod ng mga bidyo sa *YouTube*, natutulungan ako nito na mapabuti ang pagbigkas sa mga hindi pamilyar na mga salita. | 3.43 | 0.573 | Lubos na sumasang-ayon |

Copyright © 2024 IJAMS, All right reserved

| | | | |
|---|---|---|---|
| Gamit ang mga tutorial bidyo sa *YouTube*, natuto ako ng iba't ibang estilo ng komunikasyon, nagbibigay daan sa pag-unlad ng kasanayan sa iba't ibang paraan ng pagsasalita at tamang pagbigkas ng mga salita at tunog. | 3.51 | 0.522 | Lubos na sumasang-ayon |
| Ang paggamit ko ng *YouTube* bilang bahagi ng aking edukasyon ay nagbibigay sa akin ng kumpyansa sa sarili na maipahayag ang mga ideya sa pamamagitan ng wika. | 3.41 | 0.605 | Lubos na sumasang-ayon |
| Ang pag-aaral ko sa pamamagitan ng *YouTube* ay nagbibigay sa akin ng pagkakataon na mapabuti ang aking kahusayan sa pagsasalita sa harap ng maraming tao, maaaring ito'y talumpati, seminar, o anumang pampublikong pagpapahayag. | 3.46 | 0.521 | Lubos na sumasang-ayon |
| KABUUAN | 3.42 | 0.445 | Lubos na sumasang-ayon |

*3.26-4 Lubos na sumasang-ayon; 2.51-3.25; Sumasang-ayon; 1.76-2.5 Hindi sumasang-ayon; 1-1.75 Lubos na hindi sumasang-ayon*

Batay sa resulta sa Talahanayan 6, ang mga respondente ay nagsasabing lubos silang sumasang-ayon **(M=3.28; SD=0.683)** sa pahayag na madalas nilang gamitin ang *YouTube* upang mahasa ang kanilang pagsasalita sa pamamagitan ng paggaya ng mga dayalogo sa bidyo at natutulungan din nito na mapabuti ang pagbigkas sa mga salita na hindi pamilyar sa kanila **(M=3.43; SD=0.573).** Gamit ang mga *tutorial* na bidyo sa *YouTube*, natututo rin sila ng iba't ibang estilo ng komunikasyon at ito rin ay nagbibigay daan sa pag-unlad ng kanilang kasanayan sa iba't ibang paraan ng pagsasalita at tamang bigkas ng mga salita at tunog **(M=3.51; SD= 0.522).** Bukod dito, ang paggamit din ng *YouTube* bilang bahagi ng kanilang edukasyon ay nagbibigay ng kumpiyansa sa kanilang mga sarili upang maipahayag nila ang kanilang mga ideya sa pamamagitan ng wika nila **(M=3.41; SD=0.605)** at nagbibigay din ng pagkakataon upang mapabuti pa ang kanilang kahusayan sa pagsasalita sa harap ng mga tao **(M= 3.46; SD=0.521).**

Makikita sa talahanayang ito na ang pinakamalaking mean ng pahayag hinggil sa wika at komunikasyon ay pumapatungkol sa pag-unlad ng kasanayan sa iba't ibang paraan ng pagsasalita at tamang pagbigkas ng mga salita at tunog at ang pinakamababa naman ay tungkol sa paggaya ng mga dayalogo sa bidyo upang mahasa ang pagsasalita. Ito ay pagpapakahulugan lamang na ang paggamit ng *YouTube* ay malaking tulong upang mapaunlad ang kasanayan sa iba't ibang paraan ng pagsasalita at tamang pagbigkas ng mga salita at tunog sa pamamagitan ng panonood ng edukasyunal na bidyo dito. Kaugnay ito sa pag-aaral ni Albahlal (2019) na nagsasabing ang mga guro sa Ingles ay may positibong persepsiyon sa paggamit ng *YouTube* para mapaunlad ang pagsasalita. Tinutulungan daw nito ang mga mag-aaral na matukoy ang mga hindi pamilyar na salita, mapabuti ang kanilang kasanayan sa pagsasalita at maiwasasan ng mga mag-aaral na malito habang nagsasalita at nakikinig sa mga bidyo. Bukod dito, sinabi rin sa pag-aaral ni Albahlal na nakakapagpababa ng anxiety ng mga mag-aaral ang *YouTube* dahil nakakatulong ito upang matuto nang mas mabilis ang mga mag-aaral at mapapanatili ang atensiyon ng mga mag-aaral sa klase. Ang *anxiety* ay tumutukoy sa labis na pagkabalisa at pagkabahala ng isang tao sa posibleng kahihinatnan sa mga bagay-bagay. Pagdating naman sa edukasyon, may mga mag-aaral na hindi mataas ang kanilang kumpiyansa sa sarili kaya ito ay nauuwi sa pagkabalisa at pagkabahala. Kaya

Copyright © 2024 IJAMS, All right reserved

Volume IV, Issue 6 June 2024, eISSN: 2799-0664

sa pamamagitan ng *YouTube*, ito ay nagbibigay daan upang mas lumawak pa ang kanilang kaalaman at nababawasan ang kanilang pagkabahala sa mga aralin na hindi sila masyadong pamilyar. Binanggit din sa pag-aaral nina Ilyas at Putri (2020) na ang pagsasama ng *YouTube* sa pagtuturo sa silid-aralan ay nagpapalaganap ng positibong saloobin sa pagkatuto upang suportahan ang pag-aaral ng wika, lalo na sa kasanayan sa pagsasalita. Pinapatunayan lamang nito na ang integrasyon ng *YouTube* sa silid-aralan ay epektibo talaga upang ang kasanayan ng isang mag-aaral sa pagsasalita ay mas malinang pa gamit ang mga edukasyunal na bidyo na nauugnay dito.

Sa pangkalahatan, malaki ang tulong ng *YouTube* upang mapaunlad ang kasanayan sa iba't ibang paraan ng pagsasalita at tamang pagbigkas ng mga salita at tunog sa pamamagitan ng panonood ng mga edukasyunal na bidyo na may kaugnayan sa wika at pakikipagkomunikasyon.

**Talahanayan 7.**

**Epektibong Paggamit ng *YouTube* sa Pagkatuto hinggil sa Komprehensyon sa Pakikinig**

| Pahayag | Mean | SD | QD |
|---|---|---|---|
| Ang madalas kong pakikinig sa edukasyonal na content sa *YouTube* ay nagdadala ng mas mataas na antas ng pang-unawa sa aking mga aralin. | 3.46 | 0.558 | Lubos na sumasang-ayon |
| Sa pamamagitan ng iba't ibang uri ng bidyo sa *YouTube*: usapang totoong buhay, at edukasyonal na nilalaman, nagiging madali sa akin ang pagtanggap ng iba't ibang perspektiba at emosyon ng ibang tao, nagreresulta sa mas malalim na pag-unawa at pagpapahalaga sa kanilang mga karanasan. | 3.47 | 0.577 | Lubos na sumasang-ayon |
| Sa tulong ng *YouTube*, nakakatulong ito sa akin na maging maingat at pokus sa pag-unawa sa mga impormasyon na inilalaman ng mga bidyo. | 3.47 | 0.502 | Lubos na sumasang-ayon |
| Ang *YouTube* ay nagbibigay ng malawak na pagkakataon para sa aking personal na pagpapaunlad sa pakikinig, lalo na sa aking pag-unawa ng iba't ibang wika at diwa ng mga tagapagsalita. | 3.44 | 0.538 | Lubos na sumasang-ayon |
| Ang mabisang pakikinig ay nagiging daan para sa mas mabilis na pag-unlad ng aking kahusayan sa asignaturang Filipino na aking pinag-aaralan sa *YouTube*. | 3.48 | 0.502 | Lubos na sumasang-ayon |
| KABUUAN | 3.46 | 0.432 | Lubos na sumasang-ayon |

*3.26-4 Lubos na sumasang-ayon; 2.51-3.25; Sumasang-ayon; 1.76-2.5 Hindi sumasang-ayon; 1-1.75 Lubos na hindi sumasang-ayon*

Batay sa resulta sa Talahanayan 7, ang mga respondente ay nagsasabing lubos silang sumasang-ayon **(M=3.46; SD=0.558)** sa pahayag na ang dalas ng pakikinig sa edukasyunal na *content* sa *YouTube* ay nagdadala ng mas mataas na antas ng pag-unawa sa mga aralin. Sa pamamagitan din ng iba't ibang uri ng bidyo sa *YouTube*, nagiging madali rin sa mga respondente na tumanggap ng iba't ibang perspektiba at emosyon ng ibang tao na siyang nagbubunga ng malalim na pag-unawa at pagpapahalaga sa kanilang karanasan **(M=3.47; SD= 0.577)** at nagiging maingat at pokus din sa pag-unawa sa mga impormasyon na inilalaman ng mga bidyo **(M=3.47; SD= 0.502).** Ang *YouTube* ay nagbibigay din ng malawak na pagkakataon sa mga respondente para sa personal na pagpapaunlad nila sa pakikinig, lalo na sa pag-unawa ng iba't ibang wika at diwa ng mga tagapagsalita sa bidyo **(M=3.44; SD=0.538).** Kaya ang mabisang pakikinig ay

Copyright © 2024 IJAMS, All right reserved

nagiging daan para mas mapabilis ang pag-unlad ng kanilang kahusayan sa asignaturang Filipino na kanilang pinag-aaralan sa *YouTube* **(M=3.48; SD=0.502).**

Makikita sa talahanayang ito na ang pinakamalaking mean ng pahayag hinggil sa wika at komunikasyon ay pumapatungkol sa mabilis na pag-unlad ng kahusayan sa asignaturang Filipino at ang pinakamababa naman ay tungkol sa personal na pagpapaunlad sa pakikinig, lalo na sa pag-unawa ng iba't ibang wika at diwa ng mga tagapagsalita sa bidyo. Ito ay pagpapakahulugan lamang na ang paggamit ng *YouTube* ay malaking tulong upang mapaunlad ang kahusayan sa asignaturang Filipino na pinag-aaralan ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng panonood ng edukasyunal na bidyo dito. Kaugnay ito sa pag-aaral ni Alwehaibi, et al. (2015) na nagsasabing napapahusay din daw ng *YouTube* ang proseso ng pag-aaral. Ang masaya at nakakaaliw na kapaligirang dulot ng paggamit ng *YouTube* ang nag-udyok sa mga mag-aaral na matuto.

Sa pangkalahatan, malaki ang tulong ng *YouTube* upang mapaunlad ang kahusayan sa asignaturang Filipino sa pamamagitan ng panonood ng mga edukasyunal na bidyo na may kaugnayan sa pakikinig na may komprehensyon.

**Talahanayan 8.**
**Makabuluhang Ugnayan hinggil sa Propayl ng mga Respondente sa Epektibong Gamit ng *YouTube* sa Pagkatuto**

| Propayl | DV | $\chi^{2a}$ | df | p | Remark |
|---|---|---|---|---|---|
| Kasarian | A | 1.85E-05 | 1 | 0.997 | Not significant |
| | B | 0.0106 | 1 | 0.918 | Not significant |
| | C | 0.0115 | 1 | 0.914 | Not significant |
| | D | 0.0269 | 1 | 0.87 | Not significant |
| | E | 0.5482 | 1 | 0.459 | Not significant |
| Antas ng Taon sa Kolehiyo | A | 1.69 | 3 | 0.638 | Not significant |
| | B | 1.39 | 3 | 0.708 | Not significant |
| | C | 1.57 | 3 | 0.665 | Not significant |
| | D | 3.08 | 3 | 0.38 | Not significant |
| | E | 3.74 | 3 | 0.291 | Not significant |
| Dalas ng Paggamit ng YouTube | B | 5.97 | 3 | 0.113 | Not significant |
| | C | 2.78 | 3 | 0.426 | Not significant |
| | E | 5.77 | 3 | 0.123 | Not significant |
| Edad | A | 4.906 | 2 | 0.086 | Not significant |
| | B | 0.372 | 2 | 0.83 | Not significant |
| | C | 0.192 | 2 | 0.908 | Not significant |
| | D | 1.262 | 2 | 0.532 | Not significant |
| | E | 2.921 | 2 | 0.232 | Not significant |

Batay sa Talahanayan 8, natukoy na ang *p-value* ng resulta sa propayl ng respondente ay mababa ang antas ng kahalagahan. Ang *p-value* ay isang estadistikong sukatan na nagpapakita ng katumpakan ng mga resulta ng isang eksperimento o pagsusuri. Kapag ang *p-value* ay mas mababa sa tinukoy na antas ng kahalagahan (0.05 sa kasong ito), ito ay nagpapahiwatig na mayroong makabuluhang kaugnayan o epekto na nagaganap.

Copyright © 2024 IJAMS, All right reserved

Sa kaso na ito, ang mataas na *p-value* na natukoy sa mga propayl ng respondente ay nagpapahiwatig na walang makabuluhang kaugnayan sa pagitan ng epektibong gamit ng *YouTube* sa pagkatuto ng gramatika, bokabularyo, panitikan, wika at komunikasyon at komprehensyon sa pakikinig sa mga propayl na nakasaad sa talahanayan. Ito ay nangangahulugan na ang propayl ng mga respondente ay walang epekto sa epektibong paggamit ng *YouTube* batay sa limang pokus.

Kaugnay sa propayl ng mga respondente, nabibilang dito ang dalas ng paggamit ng mga mag-aaral ng *YouTube* sa pagkatuto. Sa bahaging ito, walang makabuluhang ugnayan ang epektibong paggamit nila ng *YouTube* sa pagkatuto sa propayl na ito dahil batay sa resulta ng mga datos na nakalap ng pag-aaral na ito, "Madalas" lamang na nanonood ang mga mag-aaral ng *YouTube* para sa edukasyunal na layunin. Kahit na madalas lamang ang paggamit ng mga mag-aaral ng *YouTube* sa kanilang pagkatuto, kung sa bawat paggamit nila ito ay lubos nilang nakamit ang kanilang pagkatuto ay epektibo talaga ito para sa kanila. Kaya kahit gaano pa sila kadalas gumamit ng *YouTube* para sa edukasyunal na layunin ay hindi ito magkakaroon ng ugnayan sa epektibong paggamit nila nito.

Bilang resulta ng mataas na *p-value*, ang desisyon ay tatanggapin ang Ho (null hypothesis) sa Kabanata 1 ng pagsasaliksik. Ang null hypothesis ay ang pag-aakala na walang makabuluhang kaugnayan o epekto na nagaganap.

Ang impormasyong ito ay maaaring maging pundasyon para sa mga hakbang tulad ng pagpapalakas ng paggamit ng *YouTube* sa mga pagkatuto ng mag-aaral sa asignaturang Filipino sa loob ng klasrum. Maaaring ito ay magdulot ng mas malalim na pag-unawa, pagpapahalaga, at pag-unlad sa asignaturang Filipino hindi lamang sa mga mag-aaral sa bawat lebel ng mayoryang Filipino, kung hindi sa lahat ng mag-aaral din.

## IV. Konklusyon

Batay sa mga natuklasan sa ibinahaging pag-aaral, ang konklusyon ng mga mananaliksik ay ang mga sumusunod. 1. Ang YouTube ay palaging ginagamit ng mga respondente na nasa edad 19 na nasa unang taon bilang dagdag na kasangkapan sa pagkatuto. Madalas sa gumagamit nito ay mga babae na nasa kabuuang bilang 79. 2. Sa paggamit ng YouTube ng mga respondente sa kanilang pagkatuto, karamihan sa kanila ay lubos na sumasang-ayon na epektibo itong gamitin at kapaki-pakinabang pagdating sa pagkatuto ng gramatika, panitikan, bokubularyo, wika at komunikasyon, at komprehensiyon sa pakikinig. At 3. Natutukoy na walang kabuluhang kaugnayan ang propayl ng mga mag-aaral sa paggamit ng YouTube bilang pantulong sa kanilang pagkatuto.

Samakatuwid, ang mga konklusyong ito ay nagpapakita ng implikasyon na ang paggamit ng YouTube ay epektibo bilang dagdag na tulong sa mga mag-aaral upang matuto. Ang paggamit ng website na ito bilang dagdag na kagamitan sa pagkatuto ay nagbibigay tulong sa mga mag-aaral

Copyright © 2024 IJAMS, All right reserved

sa asignaturang Filipino batay sa gramatika, bokabularyo, panitikan, wika at komunikasyon, at komprehensiyon sa pakikinig. Ang impormasyong ito ay maaaring magsilbing gabay sa mga mag-aaral na mas matuto gamit ang mga pang-edukasyunal na bidyo upang mapa-unlad at mapalawak pa ang kanilang kasanayan sa pagsulat at pagbigkas sa wikang Filipino.

Batay sa konklusyon ng pag-aaral na ito, inirerekomenda sa mga guro ang integrasyon ng YouTube sa pagkatuto ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng paggamit ng mga edukasyonal na bidyo mula sa mapagkakatiwalaang mga channel bilang bahagi ng kurikulum at bilang dagdag sa kagamitan ng pagpaplano sa pangaraw-araw na pagtuturo, at paggabay sa mga mag-aaral sa pagpili ng angkop na bidyo, at paghikayat sa aktibong talakayan upang mas malinang ang kaalaman, kasanayan at pag-unawa ng mga mag-aaral pagdating sa gramatika, bokabularyo, panitikan, wika at komunikasyon at komprehensyon sa pakikinig. Bukod dito, mahalagang turuan ang mga mag-aaral kung paano magsala ng impormasyon sa YouTube upang maiwasan ang maling impormasyon. Mahalaga rin ang pagsasanay sa mga natutunan mula sa YouTube sa aktwal na pagsulat at pagsasalita, at ang paghahanap ng tugon mula sa guro upang higit pang mapabuti ang kanilang pagkatuto.

## TALASANGGUNIAN

[1] Abd Aziz, A., & Ngadiron, S. (2019). The effectiveness of youtube english videos towards student’s vocabulary competency.
[2] Albahlal, F. S. (2019). The impact of YouTube on improving secondary school students’ speaking skills: English language teachers’ perspectives. Journal of Applied Linguistics and Language Research, 6(2), 1-17.
[3] Almoswai, F. R., & Rashid, B. (2017). THE EFFECTIVENESS OF USING YOUTUBE VIDEO ON EFL IRAQI COLLEGE STUDENTS’PERFORMANCE IN GRAMMAR AT MISSAN UNIVERSITY. PEOPLE Int. J. Soc. Sci.
[4] Balunsay, J. R. (2022). Kategorisasyon at interpretasyon ng mga binuong akademikong bidyo bilang kagamitang instruksiyonal sa pagtuturo ng mga piling asignaturang pantersarya sa panahon ng bagong normal at lampas pa. UP Los Baños Journal, 20(2), 2.
[5] Bernales, R.A., Cordero, M.A.B., Cabanlong, A.S., Golosinda, M.L., Mayor, G.L., Lopez, L.M., Balunsay, J.R., Tindugan, S.M., & Gasic, R.M. (2018). Malayuning komunikasyon sa lokal at global na konteksto. Malabon City: Mutya Publishing House, Inc.
[6] Chien, C. C., Huang, Y., & Huang, P. (2020). YouTube Videos on EFL College Students' Listening Comprehension. English Language Teaching, 13(6), 96-103.
[7] Ebied, M. M. A., Kahouf, S. A. A. S., & Rahman, S. A. A. (2016). Effectiveness of using YouTube in enhance the learning of computer in education skills in Najran University. International Interdisciplinary Journal of Education, 5(3), 619-625.
[8] Jackman, W. M. (2019). YouTube Usage in Tertiary Level Education: An Argument for its Pedagogical Benefits.
[9] Jones, T. & Cuthrell, C. (2021). Youtube: educational potentials and pitfalls. Interdisciplinary Journal of Practice, Theory, and Applied Research, Vol. 28, No. 1. Retrieved from: https://www.tandfonline.com/doi/abs/10.1080/07380569.2011.553149

Copyright © 2024 IJAMS, All right reserved

[10] Julianto, A., & Qamariah, Z. (2023). A Literature Study On The Negative Impact Of Youtube As An English Language Learning Media. Atmosfer: Jurnal Pendidikan, Bahasa, Sastra, Seni, Budaya, dan Sosial Humaniora, 1(3), 182-193.
[11] Rahmatika, R., Yusuf, M., & Agung, L. (2021). The effectiveness of YouTube as an online learning media. Journal of Education Technology, 5(1), 152-158.
[12] Sidabalok, H., Nasution, S., Sambayu, H. (2023). Analysis of the Effectiveness of Using YouTube for Vocabulary Mastery at Grade X of SMA Negeri 1 Kisaran Indonesia. Electronic Research Journal of Social Sciences and Humanities.
[13] Snelson, C. (2021). YouTube across disciplines: a literature review. Educational technology faculty presentations and publications. Retrieved from: https://scholarworks.boisestate.edu/edtech_facpubs/11/
[14] Delyuzar, H. S., & Parmawati, A. (2024). THE EFFECTIVENESS OF YOUTUBE VIDEO TO IMPROVE STUDENTS'GRAMMAR ABILITY. PROJECT (Professional Journal of English Education), 7(2), 286-291.

Copyright © 2024 IJAMS, All right reserved